

BALITA TUNGKOL SA PAGTITIPID NG ENERHIYA

Ang Seattle City Light ay Nagpondo ng Pag-aaral sa Pag-urong ng Mga Glacier

Kamakailan lamang ay nagpondo ng pag-aaral ang Seattle City Light na sinaliksik at hinulaan ang mga paraan ng pag-urong ng mga glacier sa ating rehiyon. Ang artikulo ng pananaliksik, na pinamagatang "Glacier Recession and the Response of Summer Streamflow in the Pacific Northwest United States, 1960–2099," ay siniyasat ang mga bagong paraan ng pag-urong ng mga glacier na ito, na ang daloy ng pagtunaw at ng tubig ay makakaapekto sa paglikha ng hydroelectric power, sa suplay ng tubig na pang-agrikultura, at kalusugang pang-ekolohiya ng mga watershed sa ibaba ng agos. Kasama ng pagpondo ng isang bahagi ng pananaliksik, nagpayo ang City Light sa saklaw ng layon ng proyekto upang magbigay ng pag-unawa sa kung kailan pinakamahalaga ang daloy ng tubig para sa paglikha ng kuryente, libangan, at pag-protakta sa mga isda.

Sa pamamagitan ng hydrological modeling, nalaman ng pag-aaral na mas iigting sa siglong ito ang pagliit ng mga glacier na pangunahing dulot ng temperatura. Ipinakita ng model na ang mga glacier sa North Cascades ay maaaring mawala sa taong 2100 kung hindi mabawasan ang paglabas ng mga greenhouse gas.

Para kay Ronda Strauch, ang mananaliksik at tagapayo ng City Light sa adaptasyon sa pagbabago ng klima, hindi lamang napakahalaga ng pananaliksik na ito sa kalusugan ng mga glacier ngunit hinuhubog din nito kung paano itutuloy ng mga utilidad na lumilikha ng kuryente sa pamamagitan ng hydroelectricity tulad ng City Light ang kanilang mga operasyon sa hinaharap.

"Tumitingin kami sa mga pananaliksik tulad nito para sa mga hula sa mga pagdaloy ng tubig sa mga reservoir (imbakan ng tubig) at kung gaano karaming hydroelectric power ang magagawa ng aming utilidad," ipinaliwanag ni Ronda. "Ginusto naming tiyakin na dinagdag ang aktibidad ng glacier sa hydrologic model na ginamit sa pananaliksik na ito upang makakuha ng mas malinaw na larawan ng pag-agos ng tubig sa aming mga reservoir. Matutulungan kami nitong maunawaan ang pangmatagalang kahihinatnan ng mga natutunaw na glacier na ito."

Upang basahin ang natitirang bahagi ng kuwentong ito, hanapin ang pariralang "glacier research" sa aming Powerlines blog sa powerlines.seattle.gov.

SEKSIYON PARA SA MGA UMUUPA

Kahusayan ng Fridge

Naghahanap pa rin ng mga paraan upang makapagtipid ng kuryente? Tingnan ang iyong refrigerator! Ito ang ilang mga tip mula sa Department of Energy* (Kagawaran ng Enerhiya) kung paano gawing mas matipid sa kuryente ang iyong fridge:

- Huwag panatilihin masyadong malamig ang iyong refrigerator o freezer.
- Tiyaking airtight (walang lumalabas na hangin) ang mga saraduhan sa pinto ng iyong refrigerator.
- Takpan ang mga likido at balutin ang mga pagkaing nakatabi sa refrigerator. Ang mga hindi nakatakip na pagkain ay naglalabas ng moisture (pagkabasa) at mas pinapagtrabaho ng husto ang compressor.

Para sa higit pang tip sa pagtitipid ng pera at kuryente, bumisita sa

seattle.gov/light/renterscorner.

*Pinagmulan: energy.gov/energysaver/appliances-and-electronics/kitchen-appliances

Performance noong 2018: Ang Aming Report Card

Ipinapakita ng mga benchmark ng performance ng Seattle City Light kung paano namin naabot ang aming mga layunin para sa taong 2018. Ipinapangako namin ang tuloy-tuloy na paghusay sa 2019 at sa susunod pang mga taon.

LAYUNIN NOONG 2018

Porsiyento ng mga tawag na nasagot sa loob ng 60 segundo (Call Center na pinamamahalaan ng Seattle Public Utilities (SPU, Mga Pamublikong Utilidad ng Seattle)

Benchmark 80%

Performance 65%

Dalas ng mga hindi inaasahang pagkawala ng kuryente (mga puno sa mga linya, pagpalya ng kagamitan, atbp.) sa loob ng ilang minuto, kada taon, kada customer

Benchmark 0.4500

Performance 0.5015

Bilang ng minuto ng mga hindi inaasahang pagkawala ng kuryente sa loob ng ilang minuto kada customer, kada taon

Benchmark 62.5

Performance 58.3

Bilang ng mga tanong kada 1,000 customer

Benchmark 4

Performance 12.85

Porsiyento ng mga mali sa bill

Benchmark 2%

Performance 2%

Bilang ng araw na itinatagal upang magsagawa ng standard na residensyal/maliit na pangkomersyong mga koneksyon ng kuryente na nangangailangan ng field service

Benchmark 40

Performance 39

Pagsasaayos ng streetlight, pagtugon sa loob ng 10 araw ng trabaho

Benchmark 90%

Performance 89%

Mga natitipid ng mga customer para sa lahat ng mga grupo ng customer (average na megawatts)

Benchmark 12.25

Performance 14.41

Pagbawas/pag-offset ng mga paglabas ng greenhouse gas

Benchmark 100%

Performance 100%

Pagputol ng puno na malapit sa mga linya ng kuryente upang mas maging maaasahan (sa milya)

Benchmark 420

Performance 373

Tip na Pangkaligtasan

“Dahil kakatapos lang ng ‘Snowmageddon’, ngayon ay isang napakabuting oras upang suriin ang mga plano sa paghahanda mo at ng iyong pamilya. Nagbibigay ang Lungsod ng Seattle ng ilang mga mapagkukunan upang tulungan kang magsimula sa seattle.gov/emergency.”

-Bryan Hovde

Estratehikong Tagapayo sa Pamamahala ng Emergency

Skagit Tours Malapit na Magbukas ang Mga Reserbasyon!

Tuklasin ang kagandahan at pakikipagsapalaran na maiaalok ng Ilog ng Skagit! Ang pagkuha ng reserbasyon sa Skagit Tours para sa darating na pahanon ng tag-init ay magsisimula sa Abril, kaya kumuha na ng inyong mga ticket habang maaga pa. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa SkagitTours.com.

Mga Update na Darating sa Iyong eBilling!

Pinapaunlad namin ang paraan kung paano mo binabayaran ang iyong mga bill sa City Light at SPU online, kabilang ang mga pinabuting akomodasyon sa Americans with Disabilities Act (ADA, Batas Para sa Mga Amerikanong May Kapansanan) at ang opsyon na makatanggap ng mga alerto sa pamamagitan ng text. Tiyaking i-follow ang City Light sa social media para sa mga update!

Nagtatrabaho sa Inyong Komunidad

May mga tauhan ang Seattle City Light sa mga komunidad na ito na nagsisikap magbigay ng maaasahang serbisyo:

- Arroyo/South Arbor Heights: nag-i-install ng mga tubo sa ilalim ng lupa, mga vault at mga poste ng ilaw upang palitan ang naluluma nang impraestruktura;
- Judkins Park: nag-i-install ng mga bago at pamalit na mga poste, bagong wire, at kagamitan upang maging mas maaasahan;
- Pioneer Square: ginagawang mas maaasahan ang pagdaloy ng kuryente at sinusuportahan ang pagsasaayos ng kalye sa pamamagitan ng pagpalit sa mga luma at sirang tubo sa ilalim ng lupa;
- Snohomish County: nag-i-install ng mga bagong linyang kawad para sa pag-transmit at kagamitan sa pagitan ng mga substation upang maging mas maaasahan sa rehiyon;
- South Lake Union: nag-i-install ng mga vault at tubo para maiugnay ang mga customer sa underground na impraestruktura ng Denny Substation.

Hindi kompleto ang listahang ito. Para sa mga detalye, pumunta sa seattle.gov/light/atwork upang magkaroon ng access sa aming mapa at matuto tungkol sa mga indibidwal na proyekto.

Sumali sa Customer Forum ng Seattle City Light

Ginusto mo na bang ibahagi ang iyong mga pananaw tungkol sa kapaligiran, ang kinabukusan ng enerhiya, o iba pang serbisyo ng Seattle City Light? Ginawa namin ang Customer Forum upang mas madaling marinig ang iyong boses. Kung interesado kang maging bahagi ng aming Customer Forum, pumunta sa CityLightCustomerForum.com upang matuto pa at maging miyembro.

Nagpapatong-patong Itong Lahat

Ikaw ba ang namamahala sa paggamit mo ng kuryente?

Paano nakakaapekto ang paggamit mo ng kuryente sa iyong bill? Kung iisipin, para lang itong pamimili ng grocery. Ikaw ang magdedesisyon kung ano ang ilalagay mo sa iyong cart. Ang bawat aytem ay maaring nagkakahalaga ng kaunting dolyares lamang, pero kapag nailagay mo na itong lahat sa iyong cart,

NAGPAPATONG-PATONG ITONG LAHAT!

energysolutions.seattle.gov/your-home/ways-to-save